# Paalaala at mungkahi

**Handóg sa kapisanang "*Bagong Sinag*" sa Sampiro, Rizal.**

Waláng nag-udyók, pagka't di naman gawî ang unupát sa damdamin n͠g may damdamin, lalong lalo na sa mg͠a iginagalang kong mg͠a manghahalal sa bayan n͠g S. Pedro Makati at sa kapisanang pinaghahandugán nitong munting kasaysayan, kundi bagkús, ipinadadampí sa kanikanila ang naglalatang kong pusò sa pag-ibig na makitang ang bayang ito'y maging ulirán n͠g kapwa bayan.

Sanhì dito'y pahát man sa katalinuhan at salát man sa kabuhayang gaya n͠g inyong pagkaalam muláng maging batà, itong natitiwalág ninyong kababayan, n͠guni't nakikihanok kúndi man sa pamamagitan n͠g patalím kahit sa pulpól na panitik, sa han͠gad na matampók ang bayang kinágisnan sa harap n͠g kapwa bayan, at Bansá sa kapwa Bansá.

Saksí ang di kakaunting kasaysayang pinamuhunanan n͠g sikap, sa láot n͠g mababan͠gís at ulupóng na mg͠a kaaway n͠g karan͠galan n͠g bayang Sampiro, na di nanghinuha munti man, nan͠gimì, natakot, sa kanino mang pantás, mayaman, kamag-anak, kaibigan ô kababayan kahit sa lihim at háyagan, kaylan ma't makikitaan n͠g nasang gahisin ang taglay na karan͠galan n͠g náulit na bayan, ang mg͠a anak niyang marunong magmahal, agad pinag-uukulan n͠g abot na kaya, upang makapanumbalik sa malinis na landás na kanyang tatalikuran ó tinalikurán na, at n͠g ang kanyang hidwang paghahakà sakali man, ang hidwang pagtataguyod n͠g hawak na tungkol, ang hidwang pagpapasunod sa bayan, ang hidwang pagpapayamang sa mahirap kukunin, ay maalaalang lipulin sa isip yayamang ang tun͠go n͠g ating mg͠a damdamin ay sa madaling pagsasarilí.

Di ko na maikakait sa aking mg͠a irog na kababayan na samantalang nabatid na nilá ang imbót niring pusò, at sapagka't nálalapit na ang hálalan na talagang paghahalili n͠g mg͠a Punong Bayan at iba pá, dahil dito'y inaanyayahan ko ang inyong mg͠a kalooban magmulâ sa n͠gayon, na papagindapating busugin ang taglay ninyong pagmamasid sa mg͠a taong pipiliing magiging Punong Bayan, di lamang sa taglay na kasapatán ayon sa aking pagkaalam, kundi mapan͠gán͠gabayán pa sa pagadyó sa mataas na kadakilaan n͠g ating minamahal na bayán sampú n͠g mg͠a mámamayan.

Di sa pan͠gun͠gunang bait, náriyan ang mg͠a GG. Celestino Chaves, Francisco Quintos at Marciano S. Mateo, pawang makabayan at matatalik sa pag-uusig n͠g ikadadakila n͠g kanilang bayan, na di kailâ sa inyó. Handugán n͠ga silá at marahil kun sa ganitong layunín ang ipagaanyaya sa kanilá'y may pagasa akóng di nilá ipagkakait ang puspos niláng kakayahán sa ganitong mg͠a tungkulin.

Malaon nang panahong uháw tayo sa pagkita n͠g makapagpapasunod n͠g madlang kagalin͠gan at makahahan͠gô sa tinatawid nating kasalatán, n͠guni't sa mg͠a ginoong násabi ko ná sa itaas nito'y sakali ay malapit na masumpun͠gan natin ang batis n͠g kaginhawahan. Aking pinaaabot, tuloy nan͠gun͠guna na sa marami kong mg͠a kababayang tagá Sampiro, ang pagdulóg sa mg͠a ginoong itó, at nagmumungkahing alangalang sa kapurihán n͠g ginigiliw nating bayan, sino man sa inyó't pagkaisahan n͠g marami ay sumunod na ó kaya'y kusà nang ipakilala n͠g háyagan, upang ang nagkukuling mg͠a kalooban n͠g mg͠a manghahalal ay huwag nang mabilmit n͠g mg͠a kapós na kaya sa katungkulan.

ISANG HAMAK.

Pulo 26 Julio, 1909.

# Sa kaarawan mo

N͠gayón pa ay hinahandugan ko na ang mahal kong kakilala na si Bb. Esperanza Gozon, n͠g isang *maligayang bati*, sanhî sa kaarawan n͠g kanyang pagsilang dito sa sangmaliwanag, na iya'y ang unang araw n͠g Agosto.

JOTA SA BUNDOK.

# Mg͠a butó n͠g sili

---Kulás, sagutín mo n͠ga akó: anó ba ang "política?"

---Ang paglinláng n͠g táo sa kapwâ táo, ó n͠g bayan sa kapwâ bayan.

---Hindî, hombre, hindî. Ang "política'y" ang paghahaplás n͠g lan͠gís n͠g "Conanto" sa kukote't balugbóg n͠g mg͠a elektor. Tatandaán mo, hané? At anó ang "política" sa wikang tagalog?

---*Kanin* pô...

---Marahan, Kulás.

o

---Ah, píkaro, saán mo dinalá ang kuwarta?

---E ipinagpagawâ ko pô niré...

---Oo, diyata't sa kaunting bagay na iya'y naubos mo ná ang kuwartang bigay ko? Magsabi ka n͠g totoo: saán mo dinalá?

--- . . . . . . . . . .

---Sumagot ka. Saan naroon?

--- . . . . . . . . . .

---Ayaw mo bang sabihin?... Dumapâ ka!

---Sasabihin ko na po. Nakatagò po rini sa bútas n͠g kawayan.

---Ahá! mabuting batà, marunong magsimpán sa pamumuhay!

*

---Egong, halika n͠gâ. Sino ba sa mg͠a talàng iyan ang nagugustuhán mo?

---Si... si... aleng Ploserpida pô.

---Ehé! diyata't napupusùan mo si Ploserpida?

---Talagá po, at eto't nagpapatubò ako n͠g bigote, bumilí ako n͠g salamín, nagpagawâ ná n͠g